Balitang Manmin

BILANG 133 HUNYO 7, 2015

# Ano Ba ang Dapat Gawin para Maiwasan ang Kapahamakan?

## Ligtas ang mga Sumasampalataya kay Cristo mula sa Lindol, Bagyo, at Baha



Maraming nasawi sa matinding lindol sa Nepal. Idalangin natin na huwag na nawang madagdagan pa ang pinsala at huwag na nawang magdusa ang mga tao sa takot at kaba. Bukod dito, nawa ay maging mga pinagpalang anak tayo ng Diyos na palagi Niyang iniingatan. Bigyan natin Siya ng kaluwalhatian.

Noong Abril 25, 2015, nagkaroon ng napakalakas na lindol (7.8) sa Kathmandu, ang pangunahing lunsod ng Nepal. Maraming gusaling nawasak. Mahigit sa 7,000 tao ang namatay at hindi bababa sa 15,000 ang apektado (ayon sa balita noong Mayo 6, 2015).

Noong Abril 26, 2015, ibinalita ni Pastor Grace Lee ng Manmin Mission Center sa Nepal ang tungkol sa kalagayan ng iglesyang pinagpapastoran niya, sinabi niya, “Walang nasaktan o napinsala sa ating iglesya. Iningatan ng Diyos pati ang mga miyembro ng mga pamilya at mga tahanan nila sa karatig na mga lugar. Ni walang nasira sa iglesya.”

Ginagamit ng Manmin Mission Center ang ikatlo hanggang ikalimang palapag ng isang mataas at makitid na gusali na may limang palapag sa distrito ng Lalitpur. Isang tulay ang nagdudugtong nito sa Kathmandu. Nang maganap ang lindol, nabuwal ang mga taong nasa loob ng gusali dahil sa lakas ng pag-uga nito.

Noong mga oras na iyon, nananghalian ang 170 miyembro pagkatapos nilang sumamba. Ginaganap nila ang pagsamba sa Panginoon tuwing Sabado. Lumabas silang lahat sa kalye. Pagkalipas ng isang oras, muli silang nagtipon sa loob ng iglesya at nagdaos ng pulong-panalanging Daniel sa halip na ituloy ang pagsamba sa gabi.

Nakasaad sa sulat ni Pastor Lee, “Naprotekahan ang mga miyembro natin sa malakas na lindol na ito. Dahil dito, lumago ang pananampalataya nila. Hinihiling ko na idalangin ninyo na makabangon muli ng mabilis ang gubyerno ng Nepal mula sa pinsala, at nawa ay wala ng mga paglindol na maganap sa susunod na mga araw.”

Kumpara sa mga kapahamakan at kalamidad na dala ng kalikasan, napakaliit at napakahina ng tao. Gayon pa man, kung magtitiwala, magsasabuhay ng Salita, magmamahal, at maglalakad sa Liwanag ang mga anak Diyos, mananatili ang kapayapaan ng buhay nila. Iniingatan ng Diyos sa ilalim ng kapangyarihan Niya ang mga anak Niya ngayon tulad ng pag-iingat Niya sa mga Israelita sa Goshen mula sa dumating na Sampung Salot sa buong Ehipto.

Noong Hulyo 15, 2014, nagpakita din ng kapangyarihan ang Diyos sa isang pangyayari sa Pilipinas. Dumating at nanalasa ang bagyong ‘Glenda’ na may dalang hangin na 250 km bawat oras. Umuga ang haliging sumusuporta sa bubong ng Cavite Manmin Church dahil sa lakas ng hangin. Agad humiling ng panalangin si Pastor Sharon Cho kay Dr. Lee. Biglang humupa ang hangin na umuuga sa haligi, at huminto din ang ulan.

Kinabukasan, nakita ni Pastor Cho ang daan-daang mga punong nabuwal malapit sa iglesya. Napakagulo ng kapaligiran. May nakita siyang isang bakal na haliging naibaluktot ng malakas na hangin malapit sa isang gasolinahan. Pero maliit lang ang pinsalang nangyari sa bubong at ding-ding ng paradahan ng mga sasakyan ng iglesya.

Noong Marso 2011, nagkaroon ng tsunami sa Sendai, Japan. Pininsala nito ang isang nayon sa tabing-dagat at nagdala ito ng matinding pagguho ng lupa. Libu-libong tao ang nailibing ng buhay. Bukod dito, nagkaroon ng sira sa Fukushima Daiichi Power Plant, sumingaw ang nakakapinsalang kemikal. Hindi masukat ang pinsalang nangyari. Sa kabila ng kaguluhang ito, ano ang nangyari sa mga sangay na iglesya ng Manmin Central Church sa Japan?

Walang pinsalang nangyari sa Yamagata Manmin Church na malapit sa Sendai. Umuga lang ang gusali at nawalan ng kuryente. Ganito rin ang nangyari sa ibang sangay na iglesya pero ligtas silang lahat.

Noong Enero 2011, may magkakasunod na pagbaha sa Queensland, Australia. Tumaas ng 8 metro ang tubig sa Brisbane River. Kung nagtuloy-tuloy ang pag-ulan ayon sa taya ng panahon, libu-libong mga bahay ang malulubog sa baha. Hiniling ni Dr. Mika Cooper, direktor ng WCDN sa Australia ang panalangin ni Dr. Lee para sa kanyang bansa. Hindi nagtagal, tumigil ang ulan, napigilan ang mas malaking pinsala.

Kahit nasaan mang lugar ang mga tao, pwede silang mapahamak dahil sa mga hindi inaasahang sakuna. Ayaw ng Diyos na mangyari ito sa sangkatauhan. Gusto Niyang magsulong ang mga tao ng malusog at masayang buhay at umasa sa buhay na walang hanggan sa Langit. Iniingatan Niya ang mga tao nang may pag-ibig na mas higit pa kaysa mga magulang. Pero kung pipiliin nilang magkasala, tatalikuran sila ng Diyos, magkakaroon ng kapahamakan sa buhay nila ayon sa katarungan.

Kung tatanggapin nila si Jesu-Cristo bilang Tagapagligtas,susudin ang Salita ng Diyos, at tutugunan ang pinakamababang hustisya para sa mga anak Niya sa pamamagitan ng pagpapanatiling banal ng Araw ng Panginoon at pagkakaloob ng buong ikapu, mapoprotektahan sila mula sa mga alalahanin, pagkabagabag ng damdamin, mga aksidente, at kapahamakan.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

# "Ang PANGINOON Mong Diyos ay Kasama Mo"

"Hindi ba't inutusan kita? Ikaw ay magpakalakas at magpakatapang na mabuti; huwag kang matakot, ni manlupaypay; sapagkat ang PANGINOON mong Diyos ay kasama mo saan ka man pumaroon." (Josue 1:9)

•••

Nakita ng mga Israelita ang maraming makapangyarihang pagkilos ng Diyos tulad ng Sampung Salot at pagkahati ng Dagat na Pula. Gayon pa man, hindi pa rin sila nagpakita ng Espirituwal na pananampalataya. Dahil dito, hindi sila binigyan ng mga biyaya ng Diyos, kinailangan nilang manirahan sa desyerto sa loob ng apatnapung taon.

Nangamatay na ang unang henerasyon, si Josue at si Caleb, at ang pangalawang henerasyon ang papasok sa Lupain ng Canaan. Bago sila makapasok sa lupain, tinipon sila ni Moises para pangaralan. Pag-aralan natin kung ano ang ipinakiusap ni Moises sa kanila at kung paano nasakop ni Josue ang Lupain ng Canaan.

## 1. Pinaalalahanan ni Moises ang mga Israelita na sundin ang mga utos ng Diyos

Nagbigay si Moises ng huling habilin sa mga mamamayan ng Israel na sasakop sa Lupain ng Canaan nang may malaking pagmamahal. Nasa aklat ng Deuteronomio ang nilalaman ng buong sermon niya. Ang pinakamahalagang punto nito ay tungkol sa pagsunod nila sa mga utos ng Diyos.

Mababasa sa Deuteronomio 5:32-33, "Inyong ingatang gawin ang gaya ng iniutos sa inyo ng PANGINOON ninyong Diyos; huwag kayong liliko sa kanan o sa kaliwa. Kayo'y lalakad sa lahat ng mga daan na iniutos sa inyo ng PANGINOON ninyong Diyos, upang kayo'y mabuhay, at upang ang lahat ay maging mabuti sa inyo, at upang kayo ay mabuhay nang mahaba sa lupain na inyong aangkinin."

Ang paulit-ulit na tema ng Deuteronomio ay pagpapalain tayo kung susundin natin ang mga utos ng Diyos at susumpain tayo kung hindi. Hindi ibinigay ang mga utos para katakutan at maging pabigat sa mga tao.

Sinasabi ng Deuteronomio 10:13, "…na tuparin ang mga utos ng PANGINOON, at ang Kanyang mga tuntunin na aking iniuutos sa inyo sa araw na ito para sa inyong ikabubuti." Ito ay mensaheng nagsasabi sa kanila ng paraan para sa tunay na kaligayahan.

Magmula noong magkasala si Adan, sumailalim na sa kapangyarihan ng kaaway na diyablo ang mundong ito. Ang mga hindi nagtitiwala sa Diyos ay nakatakdang magdusa mula sa mga pagsubok ni Satanas. Kaya para magkaroon tayo ng pinagpalang buhay, layuan natin ang kadiliman, sundin natin ang Salita ng Diyos na Siyang Liwanag. Ang mga taong hindi sumusunod sa mga utos ng Diyos ay nananahan sa kadiliman, pag-aari sila ng kaaway na diyablo. Kapag susubukin sila ng kaaway na diyablo, hindi sila mapoprotektahan ng Diyos.

Paulit-ulit na sinabi ng Diyos sa lahat ng 66 na aklat ng Biblia na huwag tayong manahan sa dilim, sa halip ay lumakad sa Liwanag. Batid ito ni Moises, kaya maraming beses niyang pinayuhan ang mga Israelita na sundin ang mga utos ng Diyos.

Pagkatapos mabuhay ng 120 taon, nagtungo si Moises sa Diyos sa silangan ng Jordan kung saan natatanaw ang Lupain ng Canaan. Pwede siyang makapasok sa Canaan dahil sa pananampalataya niya, pero, dahil responsibilidad niya bilang lider ang unang henerasyon ng Exodo, hindi siya nakapasok doon.

## 2. Nangako ang ikalawang henerasyon na susundin si Josue, ang pumalit kay Moises

Nang mamatay si Moises, pinili ng Diyos si Josue, anak ni Nun, para mamuno sa mga mamamayan ng Israel. Isa si Josue sa labindalawang espiya, nalugod sa kanya ang Diyos dahil sa positibong pagpapahayag niya ng pananampalataya. Bilang isang lingkod, sinunod niya si Moises, kahit noong nag-ayuno ito sa loob ng apatnapung araw para tanggapin ang Sampung Utos. Hindi niya iniwan si Moises.

Marahil, malaking pasanin sa puso niya na hindi na niya kasama ang dakilang lider at naipasa na sa kanya ang reponsibilidad ng guro niya. Batid niya kung gaano kahirap ang maging lider ng napakaraming tao. Sa loob ng apatnapung taon, nakita ni Josue ang pagluha at pagdurusa ni Moises.

Dahil nalalaman ng Diyos ang kalooban ni Josue, pinalakas Niya ang loob nito, sinabi Niya, "Magpalakas ka lamang at magpakatapang na mabuti" (Josue 1:5-6). Iba ang ugali ng pangalawang henerasyon ng mga Israelita na kasama ni Josue mula sa unang henerasyon ng Exodo.

Ang ikalawang henerasyon ay lumaki sa Salita ng Diyos, nakakita sila ng maraming makapangyarihang pagkilos Niya. At naitanim sa puso nila ang dahilan kung bakit hindi nakapasok ang mga magulang nila sa Lupain ng Canaan at kinailangang magpagala-gala sa desyerto sa loob ng apatnapung taon. Nakahanda silang sumunod sa Diyos at sa kanilang lider ng may tunay na pananampalataya.

Sinasabing, "Sinumang maghihimagsik laban sa iyong utos, at hindi makikinig sa iyong mga salita sa lahat ng iyong iniuutos sa kanya ay ipapapatay; magpalakas ka lamang at magpakatapang na mabuti" (Josue 1:18), Nangako silang susundin si Josue nang walang pasubali.

## 3. Itinago ng upahang babaing si Rahab ang mga espiya dahil nagtitiwala siya sa Diyos, tumanggap siya ng pagpapalai

Ang unang lugar na dapat nilang masakop para makapasok sa Lupain ng Canaan ay ang Jerico. Bago sila pumunta doon, nagpadala ng dalawang espiya si Josue para magmanman sa lunsod.

Ipinagmamalaki ang kagandahan ng lunsod ng Jerico noong panahong iyon. Iisa lang ang pader ng ibang lunsod, pero dalawa ang pader ng Jerico kaya mas matibay ito. Nag-iingat ang mga mamamayan ng Jerico, nagsisikap silang ipagtanggol ang bayan mula sa paglusob ng mga Israelita. Isang araw, nabalitaan ng hari ng Jerico na may nakapasok na mga espiya sa lunsod. Ipinahanap niya sa mga sundalo ang mga espiya, at kamuntik na silang mahuli.

Sa sandaling ito, tinulungan sila ng Diyos. Ito ay sa pamamagitan ni Rahab, isang bayarang babae. Sa bahay niya naglagi ang mga espiya. Isa siyang Hentil, mababang klaseng tao. Pero itinago niya ang mga espiya. Nagpahayag siya ng kahanga-hangang pagpapatotoo ng pananampalataya sa kanila. Sinabi niyang ang PANGINOON ay Diyos ng langit sa itaas at ng lupa sa ibaba (Josue 2:9-11). Hiniling niya sa mga espiya na iligtas ang buhay niya at ng kanyang pamilya sa pagsakop ng mga Israelita sa Jerico.

Dahil dito, hindi pinatay si Rahab at ang mga miyembro ng pamilya niya. Nakapangasawa siya ng isang Israelita. At dahil ipinanganak niya si Boaz na lolo sa tuhod ni Haring David, naitala sa Mateo 1:5-6 na kasama siya sa talaangkanan ni Jesus. Kung iisipin natin, pinagtaksilan niya ang mga kababayan niya dahil itinago niya ang mga espiya ng kalaban. Pero ang pagpili niya ay hindi tungkol sa labanan ng dalawang bayan. Pinili niya ang pinakamakapangyarihang Diyos na Manlilikha. Nang mabalitaan niya ang mga tanda at himala na sumabay sa sa mga Israelita, kinilala niya ang Diyos dahil mabuti ang puso niya. Hindi tatalikuran ng Diyos ang mga humahanap at umaasa sa Kanya ng tapat, bibigyan Niya ang mga ito ng mga biyaya. Sinisiyasat Niya ang kaibuturan ng puso ng mga tao.

## 4. Nalugod ang Diyos sa dalawang espiya dahil sa pagpapahayag nila ng pananampalataya

Nakatakas ang mga espiya mula sa lunsod dahil sa tulong ni Rahab. Nagtago sila sa kabundukan sa loob ng tatlong araw. Pagkatapos, bumalik sila sa kampo ng Israel. Wala silang sinabing negatibo. Ipinahayag nila ang mga nakita nila nang may pananampalataya. "Kanilang sinabi kay Josue, 'Tunay na ibinigay ng PANGINOON sa ating mga kamay ang buong lupain; at bukod dito'y nanghina sa takot ang lahat ng naninirahan sa lupain sa harapan natin'" (Josue 2:24).

Sa katulad na situwasyon, nag-iiba ang mga salita kapag nagpalipat-lipat na ito sa bibig ng mga tao. May mga taong nagsasalita para sirain ang loob ng ibang tao habang ang iba naman ay nagpapalakas ng loob at nang-aaliw. Huwag tayong magsalita ng nakakapagbigay ng kahihiyan sa Diyos o nang mga salitang hindi magandang pakinggan. Ipahayag natin ang pananampalataya natin at palakasin ang ibang tao.

Walang imposible kung tunay tayong nagtitiwala sa Diyos. Mapapalitan ng kasaganahan ang mga problema kung kasama natin ang Diyos. Huwag tayong magsabi ng mga negatibong salita tulad ng 'Imposibleng mangyari ito!' o 'Mahirap itong gawin.' Batid ng Diyos ang mga salita, gawa, at kalooban natin, at kikilos Siya ayon sa pananampalataya natin.

Kaya, magsalita tayo nang may pananampalataya at kabutihan. Gumamit tayo ng mga positibong salita para palakasin ang loob ng ibang tao at taniman din ang puso nila ng pananampalataya.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, walang pananampalataya ang unang henerasyon ng Exodo kahit nasaksihan nila ang pagpapakita ng Diyos ng kapangyarihan Niya. Hindi sila nakapasok sa Canaan.

Gayon pa man, tulad ng binasa natin, hindi nila katulad ang ikalawang henerasyon ng Exodo. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na magtiwala at sumunod nawa kayo sa Diyos para tanggapin ninyo ang mga kasagutan at mga biyaya. Luwalhatiin ninyo Siya.

### Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr

Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

## "Gumaling ang Sakit Ko sa Atay at Kanser sa Bituka"

**Kapatid Yuusuke Lee,** 19 taong gulang, Estudyante ng Paaralang Pang-Linggo, South Korea



Noong Disyembre 11, 2014, nagka-diarrhea ako at hemafecia (hindi mapigilang paggalaw ng kalamnan sa isang bahagi ng mukha) kaya nagpunta ako sa ospital na malapit sa bahay ko. Sumailalim ako sa biopsy, endoscopy, pagsusuri ng ihi at ng dugo. Sinabi sa akin ng doktor na may posibilidad na ang sakit ko ay Crohn's disease (IBD), pamamaga ng bitukang daanan ng dumi. Pinayuhan niya ako na magpasuri sa mas malaking ospital.

Noong Disyembre 23, muli akong nagpasuri sa Seoul National University Hospital. Nakitang mayroon akong sakit sa atay at kanser sa bituka na daanan ng dumi. Hiniling ko ang gabay ni Mrs. Boknim Lee, Pangulo ng Manmin Prayer Center. Sinimulan ko ang 70 araw na pangakong panalangin sa loob ng 30 minuto sa umaga at isang oras sa gabi. Pinakinggan ko rin ang sermon ni Dr. Jaerock Lee na "Spirit, Soul, and Body." Nadama ko ang pag-ibig ng Panginoon, hinaplos Niya ang puso ko. Binigyan ako ng pananampalataya ng Diyos, nagpasalamat ako sa Kanya.

Ang nanay kong si Diakonesa Kyungmi Lee ay dumalo din sa mga pulong ng Manmin Prayer Center na ginaganap sa umaga at sa hapon. Nanalangin din siya sa pulong-panalanging Daniel. Pinagsisihan niya ang maligamgam na pananampalataya niya. Dahil sa pagpapala ng Diyos, nagsimula akong gumaling. Pagkatapos kong tanggapin ang panalangin ng Punong Pastor noong Pebrero 19, 2015, mabilis na bumuti ang kalagayan ko. Nakakain ako ng maayos, mabilis natunaw ang kinain ko, at hindi na sira ang tiyan ko.


Pagdating ng Marso, bumalik ako sa Seoul National University Hospital para muling magpasuri. Pinagaling na ako ng Diyos! Hallelujah!

## "Dahil sa Panalanging may Panyo, Lumabas ang Bato sa Pantog Ko!"

**Diakono Kyocheon Jin,** 52 taong gulang, Parokya 10, South Korea

Noong Marso 5, 2015, nagkaroon ako ng matinding sakit sa may bandang puson ko, nagsuka ako. Tinanggap ko ang panalangin ng Punong Pastor na naka-rekord sa Automated Response System (822-830-5320), nawala ang pananakit ng puson ko. Kinabukasan, bumalik ang matinding pananakit. Pagdating ng ika-6:00 ng gabi, dinala na ako sa ospital ng ambulansya.

Habang naghihintay ako na masuri, tinanggap ko ang panalanging may panyo mula sa Pastor ng Parokya na si Dalcheon Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12) sa telepono sa tulong ng asawa kong si Punong Diakonesa Mihae Ryu. Nawala ang matinding pananakit. Nakita sa CT scan ang bato na may laking 4mm sa bandang dulo ng daanan ng ihi. Pag-uwi ko sa bahay, uminom ako ng Muan Sweet Water. Hindi nagtagal, pumunta ako sa banyo para umihi, lumabas ang bato kasabay nito. Hallelujah!





◄ 4mm bato sa pantog



## "Naging Malinaw ang Paningin Ko, Bumukas ang Espirituwal na mga Mata Ko"

**Kapatid na Diana Moreno,** 18 taong gulang, Colombia Manmin Church



Sa nakaraang 5 taon, magmula noong 2010, hindi ko nakikita ang mga bagay na malalayo. Malabo ang tingin ko sa mga isinusulat ng aking guro sa pisara. Noong Enero 2013, nagsimula ako at ang mga magulang ko sa pagdalo sa Colombia Manmin Church.

Dumadalo kami sa mga pagsamba sa araw ng Linggo sa pamamagitan ng naka-record na pagboborodkast ng GCN. Tumanggap ako ng maraming pagpapala mula sa mga mensahe ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Hindi lang niya sinabing dapat tayong tumanggap ng mga biyaya, ibinahagi pa niya kung paano tayo makakatanggap ng mga ito sa pagpapabanal ng ating mga puso. Naantig ang damdamin ko, natuwa at umasa. Napaluha ako habang pinapanood ang mga sermon, kaya nahirapan din akong makinig.

Noong Abril 2014, bumisita sa Colombia Manmin Church si Rev. Heesun Lee para sa pagdiriwang ng ika-2 anibersaryo ng iglesya. Nagmula pa siya sa South Korea para pamunuan ang pulong na may pagpapagaling gamit ang panyo. Nang idalangin niya ako gamit ang panyong pinanalanginan ng Punong Pastor (Ang Mga Gawa 19:11-12), nag-init ang buong katawan ko at nagliwanag ang paningin ko. Nang imulat ko ang mga mata ko, nakikita ko na ang mga bagay na nasa malayo. Kamangha-mangha ito!

Bumuti ang paningin ko, malinaw na ang tingin ko sa lahat ng bagay. Bukod dito, binuksan ng Diyos ang espirituwal na mga mata ko dahil sa pagbabasa ko ng mga libro ng Punong Pastor na *Heaven* at *Hell*. Nakikita ko na ang espiriuwal na mundo. Nagpapasalamat ako sa Iyo, O Diyos! Naglilingkod at nagpupuri ako ngayon sa Panginoon bilang miyembro ng grupo ng sining. Umaasa ako sa walang hanggang buhay sa Langit. Hallelujah!

## "Habang Pinapanood Ko ang 'Power' DVD, Naranasan Ko ang Pagpapagaling ng Diyos"

**Satya Prakash Sharma,** 50 taong gulang, Delhi Manmin Church, India

Magmula noong Disyembre 2014, hindi ako makapaglakad ng maayos dahil sa matinding rayuma. Ang asawa ko naman na si Kamlesh ay paralisado mula sa baywang pababa dahil sa tumor sa gulugod, nakaupo siya sa silyang may gulong.

Noong Pebrero 2015, bumili ng mga libro at DVD ang pangalawa kong anak na babae na si Neha Sharma mula sa Delhi World Book Fair. Ang mga libro ay isinulat ni Dr. Jaerock Lee, ito ay ang *Ang Mensahe ng Krus*, *The Measure of Faith*, *Seven Churches*, at *Keep Watching and Praying*. Ang titulo ng DVD ay 'Power'.

Nakadalo na kami sa ibang mga iglesya, interesado kami sa Salita ng Diyos at sa kapangyarihan Niya na magpagaling. Binasa namin ang mga libro kaya nagkaroon kami ng malaking pagpapala. Pinanood namin ang mga patotoo sa DVD; namangha kami sa kapangyarihan ng Diyos at napuspos kami ng Banal na Espiritu. Napuno ako ng kaligayahan, nanginig ang buong katawan ko. Pagkatapos, nawala ang pananakit ng tuhod ko! Hallelujah!

Noong panahong iyon, nakatakda akong magpasuri sa doktor sa ospital. Pero ganap na akong gumaling, hindi na kailangang pumunta doon. Noong Marso 8, pumunta sa Delhi Manmin Church ang lahat ng miyembro ng pamilya para magparehistro. Pagkatapos, habang pinapanood ng asawa ko ang 'Power' DVD, may naramdaman siya sa paralisadong mga binti niya. Malaking himala ito! Nagkaroon kami ng pag-asa na gagaling siya. Nagpapasalamat ako sa buhay na Diyos.



## "Gumaling ang Rhinitis Ko, 20 Taon Kong Tiniis Ito"

**Diakono Cheoljin Kim,** 56 taong gulang, Gwangju Manmin Church, South Korea



Noong Setyembre 2007, isinama ako ng isang kakilala sa pagsamba sa Linggo ng umaga ng Gwangju Manmin Church. Noong panahong iyon, pinahihirapan ako ng sakit kong rhinitis, nahihilo rin ako, 20 taon ko na itong tinitiis. Malakas din akong uminom ng alak at manigarilyo.

Sa unang beses ng pagdalo ko sa iglesya, inihatid ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ng Manmin Central Church ang sermon tungkol sa 'Heaven'. Dumadalo ang mga miyembro sa pagsamba sa pamamagitan ng GCN. Narinig ko ang tungkol sa Langit sa unang pagkakataon. Pakiramdam ko, nasa ibang mundo ako, nagalak ang puso ko. Napaiyak din ako habang binabasa ko ang libro tungkol sa personal na patotoo ni Dr. Lee, ang *Paglasap ng Buhay na Walang Hanggan Bago ang Kamatayan*.

Pagkalipas ng isang linggo, nagawa kong ihinto ang pag-inom ng alak at paninigarilyo. At pagkalipas ng tatlong linggo, dahil sa panalangin ni Dr. Lee, gumaling ang rhinitis ko. Nawalang lahat ng pagkahilo na tiniis ko sa loob ng 5 taon, at ang alta presyon na bumagabag sa akin sa loob ng 3 taon. Hallelujah!

Naglilingkod ako ngayon sa Panginoon bilang lider ng isang maliit na grupo, tumutulong din ako sa pampinansiyal na pangangailangan ng mga estudyante, at nagboboluntaryo ako bilang tsuper ng sasakyan ng iglesya. Nagpapasalamat ako sa Panginoon na niloloob na makapagsulong ako ng pinagpalang buhay at makapaglingkod sa iglesya.

# Lahat ng Bagay ay Posible sa Diyos

Nais ng Diyos ng pag-ibig na maligtas ang lahat ng tao. Ipinapakita Niya na walang imposible para sa Kanya sa mga himala, tanda, kababalaghan, at makapangyarihang pagkilos. Basahin natin ang mga patotoo ng mga mananampalataya na nakaranas ng kapangyarihan Niya:

## "Nakapaglakad ang Apo Kong Babae Pagkatapos Ipanalangin"

**Kapatid Narantoya,** 57 taong gulang, Mongolia Manmin Church



Ako ay naninirahan kasama ng pamilya ng pangalawang anak kong babae. Noong Pebrero 2013, ipinanganak ang apo kong babae. Nag-alala kami dahil kahit 2 taong gulang na siya, hindi pa rin siya makapaglakad.

Pinasuri namin siya sa ospital. Sinabi ng doktor na ang dahilan kung bakit hindi pa rin siya makapaglakad ay ang buto niya sa balakang na hindi nabuo. Pinayuhan niya kami ng pagsuotin ang apo ko ng sinturon na susuporta sa mga binti niya para maging matatag ang mga ito. Sinabi din niya na painumin ito ng isang klase ng medisina sa loob ng apat na buwan.

Isang araw, nakita ng kakilala naming si Diakonesa Nansalma ang aking apo, naawa siya dito. Sinabi niya na kung dadalo kami sa iglesya, magsusulong ng mabuting buhay bilang Crisiano, at tatanggap ng panalangin, gagaling ang apo ko.

Nagparehistro ako sa Mongolia Manmin Church, masigasig akong dumalo doon. Pinanatili kong banal ang Araw ng Panginoon at naghandog ako ng ikapu. Sinikap ko ring daluhan ang pulong-panalanging Daniel. Itinigil namin ang medisinang ipinapainom sa kanya, may dalawang buwan din niyang ininom ito. Maalab kong tinanggap ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee para sa apo ko sa mga pagsamba. Winisikan ko rin ng Muan Sweet Water ang mga binti niya (Exodo 15:25).

Pagkatapos tanggapin ang panalanging may panyo (Ang Mga Gawa 19:11-12), bumuti ang kalagayan niya. Sa wakas, noong Oktubre 2014, nagsimula na siyang maglakad. Magmula noong Marso 2015, nakakapaglakad na ang apo ko nang walang suot na sinturong pansuporta. Hallelujah!





## "Nakarinig ang Kaliwang Tainga Ko"

**Diakonesa Sunok Park,** 67 taong gulang, Parokya 7, South Korea



Pagkatapos naming ikasal, binugbog ako ng asawa ko, dahil dito nabasag ang 'eardrum' ng kaliwang tainga ko. Dahil sa pangyayaring iyon, palaging namamaga, nagtutubig, nagdudugo, at sumasakit ang ulo ko. Hindi ako nagpasuri sa ospital dahil hirap kami sa pera. Hanggang sa nabingi na ng tuluyan ang taingang ito.

Pero pagkatapos kong dumalo sa iglesya, pinahiran ko ito ng Muan Sweet Water. Nawala ang pamamaga at pagtutubig, nabawasan din ang pananakit ng ulo ko. Nag-ayuno ako sa loob ng tatlong araw, magmula Disyembre 31, 2014. Kinamayan ko ang Punong Pastor bago magsimula ang pagsamba para sa Bagong Taon, matagal ko ng gustong gawin ito. Umuwi ako pagkatapos ng pagsamba. Pero nagsuka ako at nasira ang tiyan ko, apat na beses akong nagbanyo. Pagkatapos, nakatulog na ako. Paggising ko sa umaga, mabuti na ang pakiramdam ko, nawala na ang pananakit ng ulo ko.

Pagkatapos ng ilang araw, may naramdaman akong matigas na bagay na gumagalaw sa loob ng kaliwang tainga ko. Sinungkit ko ito, namuo at nanigas na dugo pala. Sa sumunod na dalawa hanggang tatlong araw, may narinig akong parang hihip ng hangin. Nanibago ako sa taingang ito, kaya sinubukan kong makinig ng mga sermon, gumamit ako ng earphones. Hindi nagtagal, nawala ang tunog na parang hihip ng hangin, nanlamig ang pakiramdam ko. Nakarinig na ako. Hallelujah!





▲ Ang namuong dugo sa loob ng kaliwang tainga na hindi nakakarinig. May ilang araw na parang may hangin na humihihip sa tainga niya. Pagkatapos, nakarinig na siya.

## "Dahil sa Kapangyarihan ng Panalangin Naging Normal ang Pagbubuntis Ko"

**Diakonesa Kyungmi Lee,** 36 taong gulang, Parokya 32, South Korea



Noong Abril 2, 2015, nagpunta ako sa ospital para sa mga kababaihan para makumpirma ang aking pagbubuntis. Pero hindi ko inaasahan, sinabi sa aking ng doktor na nasa labas ng bahay-bata ang sanggol. Pinayuhan ako na kumunsulta sa mas malaking ospital.

Kinabukasan, nagpunta ako sa mas malaking ospital. Pareho din ang resulta ng pagsusuri. Ang sanggol ay lumalaki sa bahagi kung saan naroon ang hindi mabilang na ugat. May naiipon na 2 litrong dugo dito. Sinabi ng doktor na kailangang ipalaglag ang sanggol, kung hindi, mamamatay ako.

Umuwi kaming dalawa ng asawa kong si Kapatid Jungtae Yun para tumanggap ng pagpapagaling sa pamamagitan ng pananampalataya. Pinagsisihan ko na hindi ako naging mabuting lider ng maliit na grupo sa harapan ng Diyos, at hindi ako nakipagkasundo sa pamilya ko. Pagkatapos, tinanggap ko ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee bago magsimula ang magdamag na pagsamba sa araw ng Biyernes.

Nang sandaling iyon, naramdaman kong lumambot ang tiyan ko, sumasakit ito dati. Bumuti ang pakiramdam ko pero nilabasan ako ng dugo. Pagkalipas ng apat na araw, nagpasuri ulit ako. Nakita na nasa tamang posisyon na ang sanggol. Normal na ang pagbubuntis ko at hindi na rin ako dinudugo. Wala ng dapat alalahanin. Hallelujah!

Nanalangin ang asawa ko sa loob ng limang araw pagkatapos niyang maranasan ang kamangha-manghang kapangyarihang ito. Nagpasalamat siya sa pag-ibig at pagpapala ng Diyos. Lahat ng pagpapasalamat a luwalhati ay para sa Kanya!



▲Pagkatapos ng panalangin, wala na ang pagdurugo at nasa tamang posisyon na ang sanggol sa sinapupunan niya.

### Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714